Washington State Department of HEALTH



# Taunang Pagpapabakuna Laban sa Trangkaso

## Ang mga taunang bakuna sa trangkaso ay ligtas at inirerekomenda para sa lahat ng 6 buwan pataas

- Kailangan lang ng karamihan ng tao ng 1 taunang bakuna sa trangkaso upang maging protektado laban sa malubhang pagkakasakit mula sa trangkaso.
- Ang mga batang 6 buwan hanggang 8 taon na magpapabakuna sa unang pagkakataon, o nakakuha lang dati ng 1 dosis ng bakuna sa trangkaso, ay dapat kumuha ng 2 dosis ng bakuna. Kung kailangan ng iyong anak ng 2 dosis, makipagtulungan sa iyong provider upang makuha ang unang dosis bago magtaglagas. Sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng panahon upang ganap na mapabakunahan ang iyong anak bago lumaganap ang trangkaso sa taglagas.
- May ilang tao na mas nanganganib na magkasakit nang malubha mula sa trangkaso. Kasama na rito ang: mga taong nasa hustong gulang na edad 65 pataas, mga batang wala pang 5 taong gulang, mga buntis, at mga taong may umiiral nang medikal na kondisyon (tulad ng sakit sa baga, sakit sa puso, o mahinang immune system).

OCTOBER 2024 **820-304** Tagalog

## Anong mga uri ng bakuna sa trangkaso ang mayroon?

### Panturok

Para sa mga taong 6 buwan hanggang 64 taong gulang, hindi nagrerekomenda ng 1 brand ng bakuna sa trangkaso kompara sa iba pa. Ang lahat ng bakuna sa trangkaso para sa 2024 25 ay nagpoprotekta laban sa 3 strain ng influenza virus. Ina update ang laman ng bakuna kada taon upang maitugma ito sa mga pinakabagong laganap na strain.

### Pangwisik sa ilong

Ito ay live attenuated vaccine (LAIV), na aprobado para sa mga taong edad 2 taon hanggang 49 taon. Hindi inirerekomenda ang uring ito ng bakuna para sa mga buntis, immunocompromised, nakatatandang nasa hustong gulang, at mga taong may ilang partikular na pinsalang medikal.

### Mataas na dosis at adjuvanted

Lumilikha ng mas malakas na immune response ang mga bakunang ito. Inirerekomenda ang uring ito ng bakuna para sa mga taong nasa hustong gulang na edad 65 pataas.

## Kailan ang pinakamabuting panahon upang magpabakuna laban sa trangkaso?

Pinakamabuti kung magpapabakuna sa katapusan ng Oktubre kada taon. Makabubuti pa rin kung magpapabakuna nang lampas sa panahong ito, kahit na nagsimula nang lumaganap ang trangkaso. Ito ay dahil puwedeng magkaroon ng trangkaso sa loob ng buong taon.

## Puwede ba akong magkatrangkaso dahil sa bakuna sa trangkaso?

Hindi nagdudulot ng trangkaso ang mga bakuna sa trangkaso. Naglalaman ang mga bakuna ng alinman sa inactivated virus na hindi na nakahahawa, o particle na idinisenyo upang magmukhang virus ng trangkaso sa iyong immune system. Bagaman naglalaman ng live na virus ang bakuna sa trangkaso na pangwisik sa ilong, binago ang mga virus nang sa gayon ay hindi ka bigyan ng trangkaso ng mga ito.

## Magkano ang bakuna sa trangkaso?

Maaaring iba-iba ang halaga ng bakuna sa trangkaso. Sinasaklaw ng karamihan ng insurance ang gastos para sa bakuna sa trangkaso. Kung wala kang insurance o hindi sapat ang iyong insurance, may mga programang makatutulong sa iyo upang magpabakuna laban sa trangkaso sa murang halaga o nang libre. Nagbibigay ang Estado ng Washington ng mga libreng bakuna sa trangkaso para sa mga bata hanggang sa edad 18.

## Puwede ba akong magpabakuna laban sa trangkaso nang kasabay ng iba pang bakuna?

Oo. Ligtas na tanggapin ang bakuna sa trangkaso nang kasabay ng iba pang bakuna. Makipag-usap sa iyong healthcare provider o pharmacist tungkol sa iba pang bakunang maaaring kailangan mo upang maging updated.

## Puwede ba akong magpabakuna laban sa trangkaso kung allergic ako sa itlog?

Ang mga taong may allergy sa itlog ay maaaring tumanggap ng anumang bakuna sa trangkaso (na may itlog o walang itlog) na angkop para sa kanilang edad at katayuan ng kalusugan.

## Buntis ako. Puwede ba akong magpabakuna laban sa trangkaso?

Puwedeng tumanggap ang mga buntis ng anumang lisensiyado at inirerekomendang inactivated na bakuna sa trangkaso. Hindi inirerekomenda sa mga buntis ang bakunang pangwisik sa ilong. Ligtas na magpabakuna laban sa trangkaso sa anumang yugto bago ang, sa panahon ng, o pagkatapos ng pagbubuntis. Kapag nagpabakuna ang mga buntis, naipapasa nila ang mga antibody sa kanilang mga sanggol. Nakatutulong ito upang maprotektahan ang mga bagong silang na sanggol laban sa trangkaso sa loob ng maraming buwan pagkatapos maipanganak, bago pa sila mabakunahan kapag sapat na ang kanilang gulang. Inirerekomenda ring tumanggap ang mga buntis ng mga bakuna sa COVID-19, Tdap, at RSV.

## Upang alamin pa ang tungkol dito, pumunta sa FluFreeWA.org

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.